# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS200 The Patriarchs

## CBS208 Joseph
**Conrad Jun Tolosa**

### *Joseph at Kanyang mga Kapatid*
Teenager pa lamang si Joseph ay nagpapastol na siya ng kanilang mga tupa kasama ang kanyang mga kapatid. Minsan ay nagbigay siya ng ulat sa kanyang ama tungkol sa pagpapastol ng kanyang mga kapatid at hindi mainam ang nilalaman ng ulat na ito.

Hindi kaila sa kanyang mga kapatid na mas mahal siya ng kanilang amang si Jacob; bagay na ikinagalit ng magkakapatid na humantong sa punto na pinagbalakan na siya ay kanilang patayin.

Sa pakiwari ng magkakapatid, mas mahalaga si Joseph sa mata ni Jacob. Tulad ng galit na naramdaman ni Cain dahil sa pagtanggap ng Diyos sa handog ni Abel at pag-reject ng kanyang hinain, ganoon din ang naging pakiramdam ng mga kapatid ni Joseph – matinding galit.

Ang galit ni Cain ay nauwi sa pagpatay ng kanyang kapatid. Ang galit ni Esau kay Jacob dahil sa pagkawalan niya ng blessing ng kanilang ama ay nauwi sa pagnanais na patayin ang kanyang kapatid. Ang galit ng mga kapatid ni Joseph ay ganoon din ang kinahinatnan – patayin ang kapatid na tumanggap ng pagpapala sa Diyos.

Mabuti na lamang na nakumbinsi ni Reuben ang kanyang mga kapatid na huwag patayin si Joseph; bagay na nauwi na lamang sa pagbebenta kay Joseph sa mga Midianites na noon ay dumaraan sa kanilang kinaroroonan patungo sa Egypt.

### *Joseph at Potiphar*
Pagdating sa Egypt, pinagbili naman ng mga Midianites si Jospeh as isang kapitan ng mga guardia ng Pharoah na nagngangalang Potiphar.

Nanirahan si Joseph sa tahanan ng opisyal ni Pharoah, at doon pinangunahan ng Panginoong Diyos si Joseph kaya naman tagumpay ang kinahantungan ng lahat ng kanyang ginagawa. Ito ay naobserbahan ni Potiphar, na si Joseph ay pinaboran ng Diyos. Di kalaunan, si Joseph ang lumabas na kanang kamay ni Potiphar dahil sa pinagkaloob kay Joseph ang pamamahala ng lahat ng ari-arian pati na rin ang kabuhayan ng opisyal na ito ni Pharoah.

Mula nang pagkatiwalaan ni Potiphar si Joseph nang lubusan, pinagpala ng Diyos ang sambahayan ng opisyal dahil kay Joseph. Tulad nang napagpala si Lot at si Ishmael dahil kay Abraham, si Laban dahil kay Jacob, si Potiphar man ay pinagpala ng Diyos dahil kay Joseph.

Kampante sa buhay si Potiphar dahil sa galing ng pamamalakad ni Joseph sa punto na ang kanyang pinag-iisip lamang ay kung paano busugin ang kanyang sarili.

Si Joseph ay isang makisig na lalaki; matipuno ang katawan. Kaya naman siya ay naging kapansin-pansin kay Ginang Potiphar. Humantong ang paghangang ito ng babae sa pagnanasa kung saan inaraw-araw niya ang panghihikayat sa kinagigiliwang lalaki. Isang araw na isasagawa ni Joseph ang kanyang

trabaho, at wala ang mga katulong sa loob ng bahay ng opisyal, muling niyaya ni Ginang Potiphar si Joseph sa kanyang kama. Sa paghatak niya sa binate, nahablot niya ang kanyang balabal. Kumaripas ng takbo si Joseph kahit nawalan siya ng balabal.

Nang mapansin ng ginang na hawak pa niya ang balabal na naiwan ni Joseph sa kanyang pagtakbo palabas ng bahay, sumigaw ang frustrated and rejected na babae at tinawag ang kanyang mga katulong, *Tingnan ninyo*, ang sabi ng ginang sa mga katulong, *ang Hebreong ito ay dinala sa atin upang tayo ay lapastanganin. Sinipingan niya ako subalit ako ay sumigaw ng tulong, naiwan niya ang kanyang balabal sa tabi ko at tumakbong palabas ng bahay.*

Pagdating ni Potiphar mula sa pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin, ang kasinungalingang ito ay inulit ng kanyang asawa sa kanyang harapan. Nagliyab ang galit sa dibdib ni Potiphar. Agad niyang pinabilanggo si Joseph.

### *Si Joseph at ang Paraon*

Sa bilangguan, naipaliwanag ni Joseph ang panaginip ng dalawa niyang kasama - ang cupbearer at ang baker ng Paraon - at natupad ang kanyang hula. Nang managinip ang Paraon, walang makapag-interpret ng kanyang panaginip. Naalala ng cupbearer si Joseph. Ipinatawag siya agad ng Paraon. Naipaliwanag ni Joseph ang panaginip ng hari patungkol sa darating na pitong taong kasaganaan at pitong taong taggutom.

Sinabi ni Paraon na dahil sa mga pahayag ng Diyos kay Joseph, wala nang iba pang marunong at mapagwari na taong katulad niya. Kaya si Joseph ay ginawa niyang tagapamahala ng buong palasyo at ng buong lupain ng Egypt. Lahat ng tao ay susunod sa kanyang utos. Inilagay ni Paraon ang kanyang signet ring sa kamay ni Joseph. Walang maaaring maganap sa lupain kung walang pahintulot ni Joseph. Nakapaglikom nga siya ng sapat na pagkain sa panahon ng pitong taong kasaganaan.

### *Jacob sa Egypt*

Nang sumapit ang taggutom, inutusan ni Jacob ang kanyang mga anak na magpunta sa Egypt upang bumili ng pagkain. Nang makita ni Joseph ang kanyang mga kapatid, gumawa siya ng paraan upang sa kanilang pagbabalik sa Egypt ay makita niya si Benjamin, ang kanyang bunsong kapatid. At ganoon nga ang nangyari. Pagbalik ng kanyang mga kapatid, hindi na napigilan ni Joseph ang kanyang sarili kaya nagpakilala na siya sa mga ito.

Natakot ang kanyang mga kapatid, naaalala pa nila ang kasamaang kanilang ginawa. Subalit ito ang sinabi ni Joseph sa kanila, *Huwag kayong matakot. Ang masamang plano ninyo na ako ay saktan ay ginamit ng Diyos sa pagpapaganap ng mga kabutihan na nangyayari ngayon.*

Ibinahagi ni Joseph sa hari ang kanyang buhay at ang kanyang pamilya; at ang kanyang saloobin na makapiling sila.

Nang makarating sina Jacob sa Beersheba patungong Egypt, sumamba siya sa Panginoon. Sinabi ng Panginoon kay Jacob na huwag siyang matakot na pumunta sa Egypt sapagkat gagawin niyang isang dakilang bansa si Jacob.

Ikinalugod ng Paraon ang pagdating ng pamilya ni Joseph. Ipinagkaloob ng hari sa kanila ang pinakamagandang bahagi ng lupain sa Egypt - ang Goshen. At doon nga sila nanirahan.
Nang magkasakit si Jacob, dinala ni Joseph ang kanyang mga anak sa kanyang ama. Pinagpala ni Jacob ang mga anak ni Joseph na parang kanya. Una niyang pinatungan ng kamay si Ephraim na mas bata kaysa kay Manasseh. Sinabi niyang ang mas nakababata ay magiging mas higit kaysa sa nakakatandang kapatid. Siya ay panggagalingan ng maraming nasyon.

Si Jacob ay tumira sa Egypt sa loob ng 17 years. Ang kabuoan ng kanyang buhay ay 147 years. Inilibing siya sa Canaan, sa lugar kung saan nakalibing sina Abraham at Sarah.

Si Joseph ay 30 years old nang magsimula siyang maglingkod sa Paraon. Siya ay biniyayaan ng dalawang anak na lalaki, sina Manasseh at Ephraim. 110 years old si Joseph nang siya ay pumanaw.

Inilalahad ng Aklat ng Genesis ang Diyos na maylikha ng sansinukob. Ang Diyos na naghirang ng isang bansa na sasamba at maglilingkod sa Kanya; isang bansa na Kanyang mamahalin at pagpapalain.

Napag-alaman natin na ang Diyos ang nanguna kina Abraham, Isaac, Jacob at Joseph. Ang mga pagpapala at tagumpay, at maging ang mga pagsubok na kanilang naranasan ay kasama sa plano ng Diyos sa kanilang buhay.

Hindi natin alam ang dala ng kinabukasan, subalit alam natin kung sino ang may-akda ng ating kinabukasan. Sinasabi sa banal na kasulatan na ang lahat ng bagay ay gumagalaw tungo sa kabutihan ng mga nagmamahal sa Diyos na Kanyang tinawag para sa Kanyang layunin.

***Multiple Choice:***

1. Tulad nila Cain at mga kapatid ni Joseph, ano ang maaaring maging bunga ng galit sa puso?
   a. Gamitin itong motivation para mahigitan ang kapatid.
   b. Umiyak at idaing sa Diyos ang nararamdamang galit.
   c. Maging maunawain at mapagpatawad.
   d. Pumatay or pagtangkaan na patayin ang kapatid.

2. Dahil sa ginawang kasamaan ng mga kapatid ni Joseph sa kanya:
   a. nararapat lang na siya ay maghiganti sa kanila.
   b. nararapat lang na pabayaan niyang magdusa ang kanyang mga kapatid.
   c. naunawaan ni Joseph na ang lahat ng ito ay naaayon sa plano ng Diyos.
   d. ipaalam sa kanilang ama ang ginawa ng mga kapatid.

3. Alin ang tamang statement?
   a. Ang pagkakaroon ng pangitain sa pamamagitan ng panaginip ay hindi maganda.
   b. Ang *favoritism* at *jealousy* ay nakakasira ng relasyon sa isang pamilya.
   c. Ang pagiging obedient na anak ay pagpapakita ng walang pakikisama sa ibang mga kapatid.
   d. Ilihim sa mga kapatid ang mga regalo na natatanggap mula sa magulang.

4. Ang material at non-material blessings na tinanggap ni Joseph mula sa Diyos ay:
   a. ginamit niya upang siya ay yumaman.
   b. na-extend sa iba gaya nila Potiphar, jail warden, Pharaoh at ang buong Egypt.
   c. ibinahagi niya sa kanyang pamilya.
   d. Wala sa choices.

5. Kung ikaw ay isang tao na pinagpapala ng Diyos, nagiging channel of blessing ka rin para sa iba. Inaasahan mo na:
   a. ang mga taong pinagpapala dahil sa iyo ay laging tatanaw ng utang na loob sa iyo.
   b. matututong maging mapagpasalamat ang mga taong ito una sa Panginoon at pangalawa sa iyo.
   c. lagi kang pupurihin ng mga taong napagpala dahil sa iyo.
   d. ipamalita ng mga taong natulungan mo ang ginawa mo sa kanila.

6. Pillin ang maling statement.
   a. Si Joseph ay may integrity, hindi siya nagpadala sa panunukso ni Mrs. Potiphar.
   b. Ang diablo ay biglang umatake lalo na sa mga panahon na nagiging masagana at maunlad ang katayuan ni Joseph.
   c. Si Joseph ay nagtanim ng galit sa kanyang mga kapatid na naging evident nung sila ay muling magkita.
   d. Naging mabuting tagapangasiwa si Joseph kaya't nagkaroon ng pagkain ang maraming tao noong panahon ng tag-gutom.

7. Kapag tayo ay pinaparatangan ng walang katotohanan:
   a. kinakailangang ipagtanggol natin ang ating sarili.
   b. dapat tayong magdemanda upang mapatunayan ang ating innocence.
   c. kailangang magtiwala na ang Panginoon ang magpapatunay na tayo ay walang sala.
   d. maghiganti para quits lang kayo.

8. Anong mga katangian ni Joseph ang matutuhan natin sa kayang kuwento?
   a. Siya ay mayabang at mapagmalaki.
   b. Siya ay mapagwari at marunong.
   c. Siya ay may pagtitiwala sa sarili.
   d. Siya ay kulang sa lakas ng loob.

9. Matutunghayan natin sa buhay ni Joseph na:
   a. mararanasan natin ang presensya ng Diyos bagamat nakaka-experience tayo ng *unjust and difficult situations*.
   b. minsan ay hindi natin lubusang mauunawaan ang dahilan ng mga nangyayari, ngunit alam natin na *God is always in control*.
   c. walang makakapigil sa plano ng Diyos, *especially* ang tao.
   d. All of the above.

10. Ano ang matutuhan natin sa kuwento ng buhay ni Joseph?
   a. Ang pagpapatawad ay dapat na may time frame.
   b. Sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa Kanya at mga tinawag para sa Kanyang layunin.
   c. Umasa sa guidance ng Diyos sa mga pagkakataon na nahihirapan sa buhay ngunit hindi sa kasaganahan.
   d. All of the above.

© Revised May 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.